AIDS

## Anong sakit ang AIDS?

Virus na nagdudulot ng AIDS (Acquired Immune Deficiency Syndrome) ang HIV (Human Immunodeficiency Virus). Panlahatang tinatawag na AIDS ang partikular na sakit at sintomas na lumilitaw dahil sa pagbaba ng immunity ng katawan sanhi ng HIV.

## Paraan ng paghawa at pag-iwas sa AIDS

Nalalamang ang sperm, likido mula sa ari ng babae, gatas ng ina, dugo ang 4 na sanhi ng pagkahawa sa HIV. Kapag pumasok sa loob ng katawan ang HIV sa pamamagitan ng mga likido ng katawang ito, mahahawa sa HIV.

Pakikipagtalik, pakikigamit ng pang-iniksyong karayom, pagkahawa ng anak sa ina (pagdadalantao, panganganak, pagpapasuso) atbp.


Gumamit ng condom para makaiwas

## Hindi mahahawa sa ganito

- Halik, pagkamay
- Ubo, pawis, luha
- Pakikigamit ng kasilyas
- Bath tub, shower
- Pakikigamit ng mga pinggan at chopsticks

◆Para makasiguro, huwag makigamit ng mga kagamitang pambahay na madaling mabahiran ng dugo. (Sipilyo ng ngipin, pang-ahit, hikaw atbp.)

## Sintomas ng HIV infection




## Paggamot ng AIDS


Wala pang paraan para lubos na maalis mula sa loob ng katawan ang HIV. Ngunit sa pagpasok ng mga bagong gamot, naiiwasan ang pagdami ng HIV at maaari nang maawat ang pagsulong ng HIV infection.

## Pagsusuri ng AIDS

Maaaring sumailalim sa pagsusuri sa mga health center, ospital at iba pa sa loob ng prefecture. Mangyaring magtanong bago magpasuri.

(Mas madali kung may kasamang marunong magsalita ng wikang Hapon.)

Sumailalim sa pagsusuri pagkalipas ng 12 linggo mula sa araw na maaaring nahawa!




## Konsultasyon sa AIDS (Konsultasyon sa wikang dayuhan)

- SHARE (Services for the Health in Asian & African Regions) 050-3424-0195
  - Ingles (Lunes, Miyerkules, Biyernes) 10:00～17:00
- CHARM 06-6354-5901
  - Ingles (Martes, Huwebes) 16:00～20:00
  - Kastila, Portuges (Martes) 16:00～20:00
  - Thai (Miyerkules) 16:00～20:00
  - Filipino (Miyerkules) 16:00～20:00

**Pagbibigay ng Impormasyon sa Telepono ukol sa Institusyong Medikal**

AMDA International Medical Information Center 03-5285-8088 (*liban sa Pista opisyal)

- Ingles, Koreano, Thai, Intsik, Kastila (Araw-araw) 9:00~20:00
- Portuges (Lunes, Miyerkules, Biyernes)* 9:00~17:00
- Filipino (Miyerkules)* 13:00~17:00
- Vietnamese (Huwebes)* 13:00～17:00